



ANG FAIR HOUSING AT ANG KASALUKUYANG PANDEMYANG COVID-19

Ang Connecticut Fair Housing Center ay nakakatatanggap ng mga tawag mula sa mga tao at tagapaghatid ng serbisyong pangmamamayan tungkol sa kung may-bisa ang mga batas ng patas na pabahay sa mga tao na maaaring may Covid-19 (tinatawag din na coronavirus) o sa mga taong apektado nito.

Oo, maaaring protektahan ng mga batas ng patas na pabahay ang mga taong may Covid-19 at ang mga taong pinaniniwalaang nahawaan.

ANG FAIR HOUSING, NATIONAL ORIGIN DISCRIMINATION AT ANG COVID-19

Ipinagbabawal ng mga batas sa patas na pabahay ng estado at ng pederal ang diskriminasyon batay sa pinagmulang bansa. Ang ibig sabihin nito:

- Ilegal na kayo ay pagkaitan ng pabahay o matutuluyan dahil kayo ay mula sa isa sa mga bansang pinakaapektado ng Covid-19, o pinaniniwalaang mula sa ganitong bansa.
- Ilegal na kayo ay patawan ng ibang mga patakaran dahil kayo ay mula sa isa sa mga bansang pinakaapektado ng Covid-19, o pinaniniwalaang mula sa ganitong bansa.
- Ilegal na kayo ay bigyan ng nagpapaupa ng Abisong Umalis (Notice to Quit) o subukan kayong paalisin dahil kayo ay mula sa isa sa mga bansang pinakaapektado ng Covid-19, o pinaniniwalaang mula sa ganitong bansa.

MAKIPAG-UGNAYAN SA CONNECTICUT FAIR HOUSING CENTER

Telepono: 860-247-4400
Libreng Toll: 888-247-4401
Email: info@ctfairhousing.org

60 Popieluszko Court • Hartford, CT • 06106
860-247-4400 (Hartford) • 888-247-4401 (Libreng
Toll)
860-247-4236 (fax)



ANG FAIR HOUSING, KAPANSANAN AT ANG COVID-19

Ipinagbabawal ng mga batas sa patas na pabahay ng estado at ng pederal ang diskriminasyon batay sa kapansanan. Kung kayo ay may Covid-19, kayo ay itinuturing na may-kapansanan alinsunod sa mga batas ng patas na pabahay ng estado at pederal, at maaari kayong maprotektahan laban sa diskriminasyon.

- Kung wala kayong Covid-19 ngunit kayo ay pinagkaitan ng isang nagpapaupa o provider ng pabahay ng bahay o matutuluyan dahil *pinaniniwalaan* nilang nahawaan kayo ng virus, ilegal ito at kailangan ninyong tumawag sa Center.
- Kung wala kayong Covid-19 ngunit kayo ay inilagay sa quarantine ng isang nagpapaupa o provider ng pabahay o kung pinatawan nila kayo ng ibang mga patakaran dahil *pinaniniwalaan* nilang nahawaan kayo ng virus, ilegal ito at kailangan ninyong tumawag sa Center.

Kung kayo ay napag-alamang may Covid-19 at kayo ay pinagkaitan ng pabahay o matutuluyan o pinatawan ng ibang mga patakaran, kailangan ninyong makipag-ugnayan sa Center upang matalakay namin kung paano nalalapat sa inyo ang mga batas ng patas na pabahay.

MAKIPAG-UGNAYAN SA CONNECTICUT FAIR HOUSING CENTER

Telepono: 860-247-4400
Libreng Toll: 888-247-4401
Email: info@ctfairhousing.org